BALITAANG
AGRARIAN
DEPARTMENT OF AGRARIAN REFORM DIURNAL ● FILIPINO EDITION ● PEBRERO 2022

PEBRERO 1

Mga magsasaka ng Albay umani ng 7,000 sako ng palay pagkatapos tumanggap ng irrigation project mula sa DAR

Pahina 2

PEBRERO 2

CRUZ BINIGYANG-DIIN ANG KAHALAGAHAN NG PAGTUTULUNGAN UPANG MATIYAK ANG TAGUMPAY NG CARP

Binigyang-diin ni Department of Agrarian Reform (DAR) Secretary Bernie F. Cruz ang kahalagahan ng pagtutulungan upang matiyak ang tagumpay ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).

Ito ang buod ng mensahe ni Cruz sa tatlong araw na DAR year-end summative assessment at 2022 direction-setting conference para sa Mindanao group na nagsimula kahapon Pebrero 1, 2022, na ginanap sa Davao City.

"Sundin natin ang direktiba ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte. Ipagpatuloy din natin ang nasimulan ni dating Kalihim John R. Castriciones at tapusin ang pagkuha at pamamahagi ng mga lupain para sa mga agrarian reform beneficiaries ng CARP. Kapag tayo ay nagtutulungan, tiyak na tayo ay magtatagumpay," ani Cruz.

Sinabi ni Cruz na ang aktibidad ay nakatuon sa pagtiyak na ang development thrusts ng administrasyon ni Pangulong Duterte ay maisasama sa mga programa at serbisyo ng DAR.

"Pagkatapos ng pamamahagi ng lupa, dapat nating tutukan kung paano tayo makapagbibigay ng mga suportang serbisyo sa ating mga magsasakang-benepisyaryo. Pag-usapan natin at maghanap tayo ng mga paraan kung paano tayo makakakuha ng mga resources sa pamamagitan ng malapit na pakikipag-ugnayan sa iba pang mga ahensya at field offices," ani Cruz.

Ang assessment ng CARP ay isang taunang aktibidad ng DAR upang matiyak ang transparency at pananagutan ng programa sa repormang agraryo.

Sinabi ni Cruz na kailangan na patuloy na masuri ang pagganap ng programa at itakda ang mga direksyon ng programa ng Departamento para sa 2022. Isinasagawa din ito upang pag-aralan ang sektoral na pagganap ng DAR noong nakaraang taon sa land tenure security, agrarian justice delivery, agrarian reform beneficiaries development and sustainability, foreign-assisted and special projects office (FASPO), at support to parcelization of lands for individual titling (SPLIT) project alinsunod sa mga inaprubahang target at paggamit ng pondo nito.

"Ang assessment na ito ay makakatulong sa atin na suriin ang kahusayan at pagiging epektibo ng pagpapatupad ng CARP sa bansa," aniya.

Ang blended assessment at direction-setting conference ay isasagawa sa tatlong magkakahiwalay na batch para sa Luzon, Visayas at Mindanao groups, sa pamamagitan ng face to face at online streaming.

PEBRERO 1

MGA MAGSASAKA NG ALBAY UMANI NG 7,000 SAKO NG PALAY PAGKATAPOS TUMANGGAP NG IRRIGATION PROJECT MULA SA DAR

Umani ang mga magsasaka ng agrarian reform sa lalawigan ng Albay ng halos 120 kaban kada ektarya pagkatapos magkaloob ang Department of Agrarian Reform (DAR) ng Php11.6-milyong Manawan Communal Irrigation System (CIS) na nagbibigay patubig sa may 60 ektaryang riceland sa Barangay Manawan at Quinartilan sa bayan ng Camalig.

Ang CIS, na ipinagkaloob noong nakaraang taon, na may konkretong 2.8-kilometrong line canal ay nakapagbigay ng sapat na patubig mula sa ilog ng Malobago sa Guinobatan, Albay, na nagbibigay sa 211 farmer-beneficiaries at iba pang magsasaka upang makapagtanim ng mas marami pa sa mga darating na panahon.

Ayon kay DAR Bicol Regional Director Rodrigo Realubit ang mga magsasaka sa komunidad na ito ay patuloy na may mataas na ani kumpara sa dating 60 kaban kada anihan.

"Ang mga magsasaka dito dati ay nakapagtatanim lang ng dalawang beses isang taon. Mula ng maipagkaloob sa kanila ang irigasyon, ang mga magsasaka ay umaani na ng may 120 kaban kada ektarya sa 60 may ektarya ng palayan kung kaya't umaabot ng may 7,000 kaban bawat anihan. Sa taong ito, ang mga magsasaka ay nasasabik na makita kung gaano karami ang aanihin nila at kung ilang beses silang makapagtatanim," ani Realubit.

Inilahad ni Rio Olavario, na nagsasaka sa may 1.5-ektaryang palayan sa Barangay Manawan, na ang kanilang sitwasyon dati ay napakahirap dahil umaani lamang sila ng 15 hanggang 20 kaban bawat ektarya.

"Dahil sa kakulangan ng tubig, nakapagtatanim lamang ako ng isa hanggang dalawang beses sa isang taon. Dahil sa konkretong kanal ng irigasyon, mas malawak na ang natutustusan ng tubig, kung kaya't may pag-asa ako na makababawi ako sa mga nalugi ko noong nakaraang taon. Sa nakaraang anihan, umani na ako ng 100 hanggang 120 kaban," ani Olavario.

Samantala, sinabi naman ni Dante Nuñez, Presidente ng Manawan Irrigators' Association, na masusulit na ng mga magsasaka ang kanilang produksyon dahil sa sapat na patubig, na magbibigay daan upang lumaki ang kanilang kita.

"Dumoble na ang aking ani at malaki ang aming pasasalamat sa DAR dahil sa pagtustos sa gastusin upang maipagawa ang nasirang dam at pag-ayos sa mga linya ng kanal. Dati kailangan pa naming gumising ng alas-dos ng umaga upang matubigan ang aming mga pananim. Ngayon, mayroon na kaming unlimited na suplay ng tubig," aniya.

Binanggit din ni Nuñez na ang dam ay nasira dahil sa mga sunud-sunod na bagyo na tumamasa kanilang rehiyon, dahilan upang bumaba ang kanilang produksyon sa palay at maapektuhan ang kanilang pamumuhay.

Ang National Irrigation Administration ang namahala sa rehabilitasyon ng Manawan CIS sa ilalim ng support services component ng Comprehensive Agrarian Reform Program. Ang proyekto ay naglalayong bigyan ang mga komunidad ng agrarian reform ng mga infrastructure facilities upang mapalakas ang kanilang agricultural production at gayundin ang kita ng mga agrarian reform beneficiaries.

Sa kasalukuyan, ang Irrigator's Association ay nakikipag-usap sa DAR upang pondohan ang pagpapalawig sa irrigation project na magtutustos sa karagdagang 15-ektaryang palayan.

PEBRERO 4

Tapusin ang survey sa Camp Keithley, tukuyin ang mga naapektuhan at agad na ipamahagi ang lupa sa mga ARBs ng Marawi – Cruz

Inatasan ni Department of Agrarian Reform Secretary (DAR) Secretary Bernie Cruz ang DAR Field Operations Office at rehiyon ng Northern Mindanao na agad na tapusin ang survey sa Camp Keithley sa Marawi City, para matukoy ang mga naapektuhan at agad na maipamahagi ang lupa sa mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) ng Marawi.

"Ang pamamahagi ng mga nakatiwangwang na government-owned lands (GOLs) ay prayoridad alinsunod sa inilabas ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte na Executive Order No. 75, serye of 2019," ani Cruz.

Ayon sa kanya, ang nasabing lupain ng Camp Keithly ang unang plano ng ahensya na agarang maipamahagi sa mga kwalipikadong mga ARBs bilang bahagi ng direktiba sa ilalim ng EO No. 75.

Inilahad ni DAR-Northern Mindanao regional director Zoraida O. Macadindang sa kanyang progress report ang mga isyu sa coverage ng Camp Keithley military reservation kabilang na sa ilan ang pag-ayaw ng mga potensyal na ARB/aplikante sa Barangay Alinun, Saguiaran, sa pagsasagawa ng survey, at ang pagkaantala sa pagsasagawa ng subdivision survey, dahil ang mga potensyal na ARBs/aplikante ay hindi nakadalo sa panahon ng pagsusukat.

Idinagdag niya ang kinansela ng DAR-Marawi ang pulong-pulong sa Poblacion Ilian, Piagapo dahil sa awayan ng pamilya sa lugar. Dagdag pa rito na ang karamihan sa mga aplikante ay naninirahan na sa residential area at ang ilan ay walang mga lupang pang-agrikultura.

"Base sa survey contract, ang contractor ay magsasagawa ng survey sa mga lupang pang-agrikultura na gamit ang bilang ng ektarya bilang parameter sa costing. Ngunit may mga residential lot na kailangang i-survey para sa subdivision. Kaya ang pagsasagawa ng survey sa residential lots ay mangangailangan ng mas mataas na halaga at ang mga adverse claimant ay hindi kilala ng kani-kanilang local government units," ani Macadindang.

Kabilang sa mga inirekomenda ni Macadindang, bukod sa iba pa ay ang pakikipag-ugnayan ng DAR sa Philippine National Police, Department of National Defense para sa security assistance, maayos na koordinasyon sa mga LGUs at pagpapaigting ng pagpapakalat ng impormasyon kaugnay ng schedule ng survey at ang pagsasagawa ng aktwal na validation ng mga aplikante o potential na ARBs sa nakatakdang araw ng pagsusukat.

Ang EO 75 ay nag-aatas sa lahat ng mga ahensya ng pamahalaan na tukuyin ang mga lupain na pag-aari ng pamahalaan na maaaring ilaan o angkop para sa agrikultura upang maipamahagi sa mga natukoy na kwalipikadong benepisyaryo.

Ang Camp Keithley ay dating base militar ng Estados Unidos na itinayo noong nagsimula ang giyera ng Pilipinas at Amerikano noong unang bahagi ng ika-20 siglo. Noong Disyembre 23, 1953, idineklara ni dating Presidente Elpidio Quirino, sa bisa ng Presidential Proclamation No. 453, ang pagbabago ng gamit ng 6,667-ektaryang lupain, na ngayon ay may pangalang Camp Amai Pakpak, bilang isang military reserve.

PEBRERO 5

DAR-Bicol ipamamahagi ang 101,377 ektarya ng lupa

Sa gitna ng mga problema ng pagpapatupad sa repormang agrayo ng pamahalaan, ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa rehiyon ng Bicol ay naghahanda upang ipamahagi sa mga magsasakang walang lupain sa rehiyon ang natitirang balance nito na may 101,377 ektarya ng lupa.

Ayon kay DAR Bicol Regional Director Rodrigo O. Realubit ang ahensiya sa rehiyong ito ay may target scope na 442,895 ektarya. Sa numerong ito, may 341,518 ektarya na ng lupang agrikultural o 77.11% ang naipamahagi na sa loob ng 49 taon o simula ng ipatupad ang batas ng agrarian reform noong 1972.

"Subalit ang natitirang lupain, kung saan ang 101,377 ektaryang ipamamahagi ay nabibilang sa pampribado at may problemang lupain," aniya.

Inilahad ni Realubit na ang mga darating na taon ay patuloy na magiging mahirap sa ahensiya dahil ang 47,557 ektarya at 17,238 ektarya ng kabuuang balanse ay may klasipikasyong "problematic" at "untitled properties," kung saan ito ay magpapaantala sa pagsasailalim sa Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).

Kasama sa pampribadong lupain ang mga napasailalim sa programa ng operation land transfer, landed estates, at mga lupaing naremata ng mga government financing institutions.

Idinagdag pa niya na ang mga lupaing

Sundan sa pahina 3

Mula sa pahina 2

ito ay kasalukuyang nasa ilalim ng protesta o litigasyon at kulang sa dokumento na maaari lamang panghimasukan ng DAR pagkatapos magkaroon ng resolusyon ng mga kaso o sa pagkumpleto ng mga sumusuportang dokumento.

Sinabi rin ng Regional Chief na 504 ektarya na lamang ng government-owned land ang natitirang lupain at karamihan ay naipamahagi na sa mga nagdaang taon kung saan ang mga ito ay mula sa lalawigan ng Albay, Camarines Sur, Masbate, at Sorsogon.

"Sa kabila ng mga hamong ito, gagawin natin ang lahat upang makamit ang zero-backlog target sa land distribution," pabibigay-diin niya.

Sa accomplishment report ng ahensiya, binanggit ni Realubit na sa 341,518 ektaryang naipamigay na, ang DAR ay nakapag-isyu na ng 150,083 emancipation patents (EPS) at certificates of landownership award (CLOAs) sa 198,917 Bikolanong magsasaka.

"Ito ay resulta ng ating pagpupursige upang mabigyan ng security of land tenure ang mga magsasakang walang lupain sa gitna ng hirap sa pagpapatupad ng CARP," ani Realubit.

Sa bawat lalawigan, nanguna ang Camarines Sur na may 125,654 ektaryang ipinamahagi sa 74,125 agrarian reform beneficiaries (ARBs). Sinusundan ito ng Masbate na may 70,652 ektarya at 34,146 ARBs; Albay na may 56,381 ektaryang ipinamahagi sa 39,367 ARBs; Camarines Norte na may 38,198 ektaryang ipinamahagi sa 17,844 ARBs; Sorsogon na may 33,421 ektaryang ipinamahagi sa 21,265 ARBs; at Catanduanes na kung saan naipamahagi na lahat ang lupain na may 14,666 ektaryang ipinamahagi sa 10,919 ARBs.

Ibinahagi rin ni Realubit na may kabuuang 351 agrarian reform beneficiary organizations (ARBOs) na ang naorganisa sa buong rehiyon upang mabigyang kakayahan ang mga farmer-members na patuloy na magkaroon ng access sa sama-samang support services mula sa iba't ibang agrarian reform implementing agencies, donor communities, local government units, at non-government organizations.

"Ang mga support services ay gaya ng skills at livelihood training programs, access sa credit, health, technology transfer, irrigation, multi-purpose buildings, food processing centers na may kasamang mga kagamitan at farm machinery," aniya.

Idinagdag pa niya na ang DAR, sa pamamagitan ng CARP, ay nakapagbigay-pondo sa pagpapagawa ng mga farm-to-market road at tulay ng Department of Public Works and Highways; credit programs ng Land Bank of the Philippines; skills training ng Department of Trade and Industry; irrigation projects ng National Irrigation Administration; at agri-production training at livestock distribution ng Department of Agriculture.

PEBRERO 6

SSO NANGUNA SA 2021 PHYSICAL AT FINANCIAL ACCOMPLISHMENTS NG DAR

"Congratulations for a job well done," ito ang bulalas ni Department of Agrarian Reform (DAR) Bernie F. Cruz sa iniulat ng Support Services Office (SSO) kung saan sila ay nagtala ng pinaka mataas na porsyentong nagawa para sa 2021 nay may 100% accomplishment sa overall physical performance sa ilalim ng Agrarian Reform Beneficiaries Development and Sustainability Program (ARBDSP) at 97.05% para sa financial target.

Iniulat ng Undersecretary for Support Services Office na si Emily O. Padilla na sa kabila ng pagbagsak ng ekonomiya sa nakalipas na dalawang taon, dahil sa pambansang pandemya, limitasyon sa badyet at pagkakaroon ng mga natural na kalamidad, ay nagawa pa rin ng SSO na magampanan ang kanilang tungkulin ng maayos.

"Ang buong sektor ay may kabuuang alokasyon ng pondo na P741.528 milyon para sa 2021 at nagawa naming magamit ang 97% ng pondo," ani Padilla.

Para sa 2021, nakabuo ang DAR-SSO ng 2,148 agrarian reform communities (ARCs) na sumasaklaw sa kabuuang 1,303 munisipalidad sa 9,523 barangay. Sa pamamagitan ng mga ito, nagawa ng DAR na makahikayat ng 1,475,354 agrarian reform beneficiaries (ARBs) na sumali sa ARB organizations (ARBOs) na may kabuuang 7,257 para sa 2021.

Sinabi ni Padilla na ang taunang target ng SSO sa bilang ng mga bagong organisadong ARBO ay 1,000 ARBO kada taon na may 25,000 target na miyembro kada taon. Mula sa mga target na ito, nakapag-organisa ang DAR-SSO ng 1,079 bagong ARBO na may 30,415 na bagong miyembro sa taong 2021.

Ang Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP), na isang partnership project ng DAR kasama ang iba pang ahensya ng gobyerno, local government units at private marketing institutions para i-market ang mga produkto ng ARBs, ay nakakuha ng record high na P2.07 bilyong gross sales. sa buong bansa para sa 2021.

"Ang SSO Management ay lubos na nagpapasalamat sa lahat ng kalalakihan at kababaihan sa likod ng tagumpay, at kinikilala nito ang kanilang dedikasyon at pagsusumikap na nagdala sa kanila sa pinakamataas na antas ng pagganap para sa isang taong yugtong ito," ani Padilla.

Ipinahayag niya na ang tunay na katatagan ay makikita sa kanila na nagpapakita ng bagong lahi ng mga manggagawa sa pamahalaan.

Para sa taong 2022, sinabi ni Padilla na ang SSO ay magkakaroon ng isang positibong pananaw kahit na ang alokasyon ng kanilang pondo ay nabawasan ng 20 porsiyento mula sa antas ng 2021.

"Pananatilihin namin ang kasalukuyang momentum sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto nang mahusay at epektibo upang makamit muli ngayong taon ang tagumpay at agresibong maghahanap ng mga pondo upang amyendahan ang natitirang badyet," dagdag ni Padilla.

Naniniwala siya na ang sama-sama sa walang pag-iimbot na paglilingkod sa mga maliliit na magsasakang ARBs ang pinakamarangal na maibibigay ng opisina.

"Ang aming opisina, ang SSO ay mananatiling tatayo para sa para sa serbisyo, sharing at optimization.

Ang DAR-SSO ay nakatuon sa tuluy-tuloy na pagbibigay ng mga support services projects, na kinabibilangan ng mga pagsasanay, pagpapaunlad ng organisasyon, tulong sa pagpapautang, at proyektong may kaugnayan at napapanatiling mga proyektong pangkabuhayan sa mga magsasakang-benepisyaryo.

PEBRERO 7

DAR pinalalakas ang mga magsasaka sa Negros Oriental sa pamamagitan ng tulay at proyektong pangkabuhayan

Binisita ni Department Agrarian Reform (DAR) Secretary Bernie F. Cruz kahapon, Pebrero 6, 2022, ang Barangay Sto. Rosario sa bayang ito upang kumustahin ang mga magsasaka pagkatapos mapagkalooban ng DAR ang komunidad ng tulay, na nagkakahalaga ng Php 24.8-milyon.

Sinabi ni Cruz na ang 24.8-linear metrong tulay na ipinagkaloob sa ilalim ng Tulay ng Pangulo para sa Kaunlarang Pang-Agraryo, ay nagbigay sa mga magsasaka, at ng mga residente, ng mas mabilis at mas murang gastusin sa pagbibiyahe ng kanilang mga produktong pang-agrikultura sa iba't ibang pamilihan at merkado.

"Ako ay natutuwa na pinagaan ng proyektong ito ang inyong pamumuhay. Nakikiusap ako na alagaan ninyo ito upang mapakinabangan din ng susunod na henerasyon," ani Cruz.

Idinagdag pa ni Cruz na ang ahensiya ay magkakaloob ng teknolohiya at iba pang pagsasanay na magpapataas sa kanilang produkto, kung saan ang saging ang kanilang pangunahing produkto, upang ito ay maging kompetitibo sa merkado.

Sinabi naman ni Sta. Catalina Mayor Peve Obaniana-Ligan na ang DAR ay tumutulong sa kanila upang kanilang makamit ang pangarap nila na umasenso ang kanilang bayan.

"Ito ang kauna-unahang pagbisita ng isang Kalihim sa aming komunidad. Sa masigasig na suporta ng DAR, naniniwala kami na maaabot namin ang aming pangarap sa lalong madaling panahon," aniya.

Kinuwento naman ni Barangay Chairman Joey Nuico na ang kanilang barangay ay dating liblib at sa patuloy na suporta ng DAR ay nagkaroon na sila ng koneksyon sa iba't ibang bayan.

"Mula noong bata pa ako, nasaksihan ko ang pagpapagawa ng DAR ng mga kalsada upang makapunta kami sa aming mga nais na destinasyon ng hindi nahihirapan. At ngayon lalo itong pinadali ng tulay na ipinagkaloob nila. Maraming salamat sa DAR at sana ay hindi sila magsawa sa pagtulong sa amin," aniya.

Bago ang ang pagbisita ni Cruz sa bayan na ito, dumalaw rin siya sa munisipalidad ng Siaton upang inspeksyunin ang isang DAR-assisted cooperative, ang Bonbonon Farmers Agrarian Reform Multi-Purpose Cooperative.

"Masaya akong malaman na maganda ang kalagayan ninyo at malaki ang naitutulong ng kooperatibang ito sa mga pamumuhay ng mga kasaping magsasaka. Sana ang lahat ng kooperatiba ay magkaroon ng mahusay na pagtutulungan at pagtitiyaga," ani Cruz.

PEBRERO 8

DAR namahagi ng 782 ektaryang lupa sa 1,299 magsasaka ng Negros Oriental

Napakalaking dahilan upang magdiwang ang 1,299 magsasakang walang lupain sa lalawigan ng Negros Oriental ngayong taon pagkatapos mamahagi ang Department of Agrarian Reform (DAR) noong Lunes, Pebrero 7, 2022, ng 782 ektaryang lupain na matagal na nilang inaasam matanggap sa loob ng maraming taon.

Ayon kay DAR Secretary Bernie F. Cruz, na namuno sa seremonya ng pamamahagi, ang aktibidad na ito ay magandang simula ng taon sa mga magsasaka upang lalo nilang mapagyaman ang kanilang lupain at mapaunlad ang kanilang mga pamumuhay.

"Narito kami, kasama ang mga pangunahing opisyal ng ahensiya, upang samahan kayo sa pagdiriwang na ito. Ang lupang tinatamnan ninyo ng ilang taon ay nasasakamay na ninyo. Alagaan ninyo ang mga titulo ng lupa dahil maipapasa ninyo ito sa mga susunod na henerasyon ng inyong pamilya," aniya.

Idinagdag pa ni Cruz na ginagawa ng DAR ang lahat ng kanilang makakaya upang mapaunlad ang sektor ng agrikultura at mai-angat ang pamumuhay ng mga magsasaka sa kanayunan at maseguro rin ang sapat na pagkain ng bansa.

Ang lupang ipinamahagi sa South Negros Oriental ay ang mga ari-arian sa bayan ng Mabinay na may 242.6841 ektarya; Bayawan, 43.6656 ektarya; Tanjay, 24.8265 ektarya.; La Libertad, 22 ektarya; Sta. Catalina, 15.9533 ektarya; Pamplona, 14.7992 ektarya; and Amlan, 4.18 ektarya.

Sa North Negros Oriental, namahagi ang DAR sa Guihulngan City ng 343.7355 ektarya, at sa Canlaon City ng may 70.1861 ektarya.

Ibinahagi ni Alejandro Didal, isa sa mga tumanggap ng lupa mula sa Guihulngan City, na ang lupang tinanggap nila ay nagsisilbing pangpapataas ng moral sa mga magsasaka dahil ito ay nagpapakita na ang pamahalaan ay nagpapatotoo sa mga pangako nito na tulungan ang mga mahihirap na magsasaka.

"Maraming salamat sa DAR. Ang pag-ari sa lupang pinapangarap namin ay napakahalaga sa aming pamumuhay," aniya.

Samantala, sinabihan naman ni OIC-Central Visayas Regional Director Romeo Reyes ang mga agrarian reform beneficiaries na ang tulong ng ahensiya ay hindi nagtatapos sa pamamahagi ng lupa kung hindi patuloy aniya na alalayan din sila na paunlarin ang kanilang mga lupain sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga suportang serbisyo.

DAR namahagi ng 4,728 ektarya ng lupa sa Negros Occidental

Habang patuloy na tinutulungan ng pamahalaan na muling makabangon ang mga residente ng lalawigan mula sa iniwang pananalasa ng malakas na bagyong Odette noong nakaraang Disyembre, ang Department of Agrarian Reform (DAR), Martes, Pebrero 8, 2022, ay namahagi ng 4,728.67 ektarya ng lupaing agrikultural sa 4,754 na magsasakang walang lupain.

Ayon kay DAR Secretary Bernie F. Cruz umaasa siya na ang lupang ipinamahagi sa mga magsasaka ay magiging simula ng magandang kinabukasan para sa kanila at sa mga susunod pang henerasyon.

"Napakasaya namin na naipamigay na ang mga lupaing ito. Ang ating mga tao sa ahensiya ay naharap sa napakaraming balakid sa pagproproseso ng mga lupain upang maipamigay namin sa inyo ang mga ito ng naaayon sa batas," ani Cruz.

May 3,033.71 ektrya ng lupa ang ipinamahagi sa 2,830 agrarian reform beneficiaries (ARBs) mula sa bahaging Timog ng lalawigan. Ang mga lungsod at bayan na ito ay ang Bago City, Binalabagan, Cauayan, Himamaylan City, Hinigaran, Ilog, Isabela, La Castella, Moises Padilla, Pontevedra at Sipalay City.

Sa hilagang bahagi naman ay 1,694.96 ektarya ang ipinamigay sa 1,924 ARBs mula sa mga lungsod at bayan ng Bacolod City, Cadiz City, Calatrava, DS Benedicto, EB Magalona, Escalante City, Manapla, Murcia, Sagay City, San Carlos City, Silay City, Talisay City, Toboso at Victorias City.

Dahil sa restrikyon ng lokal na pamahalaan ng Sipalay, 70 ARBs lamang ang inimbitahan upang maging kinatawan ng 4,754 magsasakang-tumanggap.

Sinabi ni Western Visayas Regional Director Shiela Enciso na ang aktibidad na ito ay may temang "Build, Back, Better!" na may kaugnayan sa nangyaring kalamidad noong Disyembre.

"Ang napakahalagang aktibidad na ito ay makatutulong sa inyo na bumangon muli na mas may magandang oportunidad na nakalaan sa inyo dahil ang DAR ay patuloy na tutulong sa inyo na mapagbuti ang inyong mga pamumuhay sa pamamagitan ng pagkakaloob ng suportang serbisyo," aniya.

Ang ilan sa suportang serbisyo ay ipinamimigay sa probisyon ng pasilidad ng impraistraktura, makinaryang pangsaka, mga kagamitan at farm inputs, pagsasanay at iba pang oportunidad pang-kabuhayan.

Ibinahagi ni Albino Bombio Jr, isang magsasakang-tumanggap mula Victorias City, na ang pagtatanim ay kinamulatan na niya mula pagkabata at ito lang ang alam niyang gawin. Subalit marunong din siyang mangarap.

"Isa sa pangarap ko ay maging akin ang lupang matagal ko ng tinatamnan. At dahil sa DAR, natupad ang aking pangarap at ipinangangako ko na pagyayamanin ko ito ng husto," aniya.

PEBRERO 9

DAR INAYOS ANG MGA ALITANG PANG-AGRARYO SA BOHOL

Nagsagawa kamakailan ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa lalawigan ng Bohol ng mediation, libreng konsultasyon, pagpapayo at serbisyong legal para sa mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) at mga residente sa bayan ng Guindulman, Jagna at Carmen.

"Ang aktibidad ay bahagi ng "Agrarian Reform Justice on Wheels (ARJOW)" ng Legal Affairs Office (LAO). Nagsagawa kami ng mediation conference sa bayan ng Guindulman, 82 km. mula Tagbilaran City," ani ni Provincial Agrarian Reform Program Officer II Ronald I. Pumatong.

Aniya ang ARJOW ay isang programa ng DAR kung saan personal na bumibisita ang mga abogado at mga legal expert ng ahensiya sa mga komunidad upang ilapit ang serbisyong agraryo sa publiko sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng mobile legal clinics.

Ipinahayag ni Pumatong na isang partikular na kaso na hinawakan nina Legal Officers Atty. Janry Niño Santiago at Merly Diez Bantugan sa Guindulman, Bohol ay ang pag-areglo ng agrarian conflict sa pagitan ng magkapatid na Francisco Piquero, ang complainant at respondents na sina Filadelfa Piquero Utrera, at ang kanilang mga pinsang Urbano at Flaviano Piquero na pawang gustong umangkin ng pagmamay-ari ng 2,000 square meter property ng kanilang namatay na tiya na napagkalooban ng CLOA (certificate of land ownership award) na si Macaria Piquero Bagtasos. Mabuti na lang at walang anak o ibang kamag-anak si Bagtasos na posibleng mga tagapagmana ng lupain. Naging mapayapa ang mediation conference kung saan ang nasabing ari-arian ay pantay na inilipat ang pagmamay-ari sa complainant at respondents.

Sinabi ni Pumatong na isa pang mediation sa bayan nga Jagna at libreng konsultasyon, pagpapayo at serbisyong legal para sa mga ARBs sa Carmen upang matulungan ang mga ARBs sa mga komunidad na malutas ang kanilang mga problema, isyu, at alalahanin sa lupa at iba pang kasong may kinalaman sa repormang agraryo. Ang ARJOW ay bahagi ng 'zero backlog' case policy, na pinangungunahan ng DAR-LAO upang magbigay ng katarungang panlipunan sa mga magsasaka sa kanayunan.

Ang Agrarian Justice Delivery (AJD) ay isa sa tatlong bahagi ng programa at layunin ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) na ipinatutupad ng DAR, kung saan nilalayon nito na magbigay ng suportang legal sa mga ARBs na may kinalaman sa mga alitang pang-agraryo sa pamamagitan ng alternatibong paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan, kabilang na dito ang mediation o pamamagitan at mga katanungan sa pagkilala at pagpili ng mga magsasakang-benepisyaryo.

PEBRERO 10

Mga magsasaka ng rubber tree sa Zambo Sibugay nakakuha ng farm inputs mula sa DAR upang mapalakas ang kanilang produksyon

Apat (4) na agrarian reform beneficiaries' organization (ARBOs) sa lalawigan ng Zamboanga Sibugay, na kasalukuyang nagsasaka ng mga puno ng goma ang napagkalooban ng Department of Agrarian Reform (DAR) ng mga bag at saku-sako ng fertilizer at herbicides, na nagkakahalaga ng Php 2,815,400.00 upang mapalakas ang kanilang produksyon

Ang mga tumanggap na ARBO ay ang Timbabauan Agrarian Reform Beneficiaries Organization (TIMARBENCO) sa Timbabauan, Tungawan; Silingan Rubber Farmers Association (SIRFA) sa Silingan, R.T Lim; Tambanan Agrarian Reform Beneficiaries Organization (TARBENCO) sa Tambanan, Naga and Goodyear Agrarian Reform Beneficiaries Multi-Purpose Cooperative (GARBEMCO) sa Goodyear, Kabasalan.

Sa mensahe ni Provincial Agrarian Reform Program Officer II Mohammad Dassan Adju sinabi niya na ang mga fertilizer at herbicide ay magpapalakas sa produksyon ng rubber sa lalawigan.

"Ang DAR ay hindi lamang namamahagi ng lupa sa mga magsasakang walang lupain, nagkakaloob rin tayo ng support services upang maiangat ang pamumuhay ng mga agrarian reform beneficiaries," aniya.

Idinagdag pa ni Adju na ang mga fertilizer at herbicide na kanilang tinanggap ay magdaragdag sa dami at kalidad ng kanilang produkto.

Ang farm inputs, na ipinagkaloob sa ilalim ng Project ConVERGE (Convergence on Value Chain Enhancement for Rural Growth and Empowerment), ay direktang inihatid sa ARBO sa pamamahala ng DAR provincial office personnel.

Ang Project ConVERGE ay pinondohan ng International Fund for Agricultural Development (IFAD), na may layuning palakasin ang ekonomiya sa kanayunan at mabawasan ang kahirapan sa mga kanayunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng agribusiness enterprises at oportunidad sa pamilihan.

DAR NAPANATILI ANG ZERO BACKLOG CAMPAIGN SA CENTRAL LUZON

Kinilala ng Department of Agrarian Reform (DAR) ang mga field office para sa pagpapanatili ng zero backlog' campaign bilang bahagi ng operational directives ng kasalukuyang administrasyon.

Sa tatlong araw na DAR year-end summative assessment at 2022 direction-setting conference para sa Luzon group na ginanap sa Mabalacat, Pampanga, iniulat ni Bureau of Agrarian Legal Assistance (BALA) Director Atty. Marjorie P. Ayson ang pagsusuri sa pagganap ng Legal na Sektor sa iba't ibang mga aktibidad.

Sa nasabing presentasyon, inihayag ni Ayson ang mga pagkilala sa mga top performing regions batay sa caseload at rate ng resolusyon na isinumite ng mga regional offices sa sectoral assessment at validation na dinaluhan ng regional at provincial Chief Legal Assistance Division.

Ang iba't ibang kategoryang kinikilala ay ang mga sumusunod: para sa Luzon Group – Batch 2 ang tatlong nangungunang performers sa lahat ng indicators nationwide ranking ay ang Region 3 (rank 1), Region 4A (rank 3) at Region 2 at CAR (rank 7).

Ang mga nanguna sa mga kaso ng agrarian law implementation (ALI) na naresolba base sa dami ng mga kaso ay ang: Region 3 na nakaresolba ng 3,185 kaso (rank 2) at CAR na nakaresolba ng 2,060 cases (rank 7).

Ang nanguna naman bilang kumatawan sa mga kaso ng quasi-judicial ay ang Region 3 na may 2,052 representasyon na isinumite para resolbahin (rank 3) at Region 2 na may 1,132 representasyon na isinumite para resolbahin (rank 7).

Kinilala Atty. Ayson ang buong suporta at administratibong pangangasiwa ng lahat ng regional at provincial Chief Legal Assistance Division para sa taong 2021, kung saan hiniling din niya ang parehong suporta para sa taong 2022.

PEBRERO 11

DAR BABAGUHIN ANG SISTEMA NG SUBSISTENCE FARMING UPANG MAGING KOMERSYAL NA PRODUKSYON

Nakatakdang maghatid ng mas tumutugon at pinagsana-samang pakete ng suportang serbisyo ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) at kanilang mga organisasyon upang maging produktibo ang kanilang mga lupain at mabigyan sila ng oportunidad sa kabuhayan.



Binigyang-diin ito ni DAR Secretary Bernie F. Cruz sa kanyang pagtakda ng 2022 na direksyon ng DAR, at sinabi na dapat patuloy na tulungan ng ahensya ang mga ARB sa pagresolba sa kanilang mga kaso na may kinalaman sa agraryo, pamamahagi ng mga lupain at magpatuloy sa pagbibigay ng mga suportang serbisyo.

"Tulungan natin ang ating mga magsasaka na malutas ang kanilang mga kaso at ipatupad ang programa. Bukod sa Field Operations at Legal Affairs, mahalaga ang papel na gagampanan ng Support Services Office sa susunod na yugto ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP)," ani Cruz.

Binigyang-diin ni Cruz na kailangang pagsama-samahin ang produksyon ng agrikultura nang hindi kinakailangang pagsamahin ang mga lupa. Ito aniya ay magagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta sa pag-unlad upang bigyang-daan ang mga magsasaka na makagawa ng mga produktong makapagkukumpitensya sa merkado sa pamamagitan ng pagdaragdag ng halaga, mahusay na pamamahala at sariling pagpapatakbo ng kanilang mga negosyo at aktibidad sa kabuhayan.

"Tulungan natin ang ating magsasaka na lumipat mula sa subsistence farming tungo sa commercial production. Dapat ay may value-adding, kung saan ang mga magsasaka ay hindi lamang magtutuon ng pansin sa pagbebenta ng kanilang mga raw materials sa palengke, kung hindi maaari rin silang direktang maghatid ng kanilang naproseso o vacuum-packed na produkto sa end-user, "aniya.

Partikular niyang binanggit ang Project Convergence on Value Chain Enhancement for Rural Growth and Empowerment (Project ConVERGE) sa rehiyon ng Caraga na pinondohan ng International Fund for Agricultural Development (IFAD).

Kabilang sa mga bahagi ng Project ConVERGE ay ang pag-uugnay ng mga maliliit na magsasaka sa umiiral na value-chain system sa pamamagitan ng mga plano sa pagpapaunlad ng mga piling pananim na nagreresulta sa pinabuting kita ng sakahan, pagkakaloob ng kagamitan, pasilidad at imprastraktura, at subdivision ng mga certificate of land ownership award (CLOA) upang patatagin ang mga karapatan sa pagmamay-ari at ari-arian sa mga lugar ng proyekto.

"Layunin ng proyekto na dagdagan ang kita at pagandahin ang pamumuhay ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kanilang produksyon dahil sa mga pagsasanay, pagproseso at packaging ng mga produkto at pag-uugnay sa mga magsasaka sa iba't ibang pamilihan," aniya.

PEBRERO 12

Mga organisasyon sa rehiyon ng Caraga nakapagbenta ng ₱416-M sa taong 2021

Nanguna sa marketing sales performance sa buong bansa ang mga agrarian reform beneficiaries organizations (ARBOs) sa rehiyon ng Caraga dahil sa pagkakabenta nito ng may kabuuang ₱416 milyon ng kanilang sa iba't ibang produktong agrikultural para sa taong 2021.

Ayon kay DAR-Caraga Regional Director Leomides R. Villareal, mula sa 452 ARBOs na kinabibilangan ng 92,830 agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa 127 agrarian reform communities (ARCs) ay umabot sa kabuuang benta na ₱416,395,037.88 ng mga produktong agrikultural noong 2021.

Sinabi ni Villareal na ang kabuuang benta ng mga ARBO ay naisagawa sa pamamagitan ng mga proyekto ng DAR kabilang na ang Linking Smallholder Farmers to Market with Microfinance (LinkSFarMM) at Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP), bukod sa iba pa.

Sundan sa pahina 6

Mula sa pahina 5

Nauna ng iniulat ng DAR na may kabuuang marketing sales ang mga ARBOs sa buong bansa na ₱2,007,915,2754.30 para sa 2021, kung saan 43% na nagkakahalaga ng ₱864,967,103.15 ay mula sa kontribusyon ng buong Mindanao, at 20.74% ay mula sa kontribusyon ng Caraga.

"Iniugnay ng DAR ang mga ARBOs sa mga institusyonal na mamimili tulad ng Department of Education, Department of Agriculture, Bureau of Jail Management and Penology, mga pribadong institutional buyers tulad ng Kennemer, Inc, Filipinas Palm Oil Corporation, mga local government units, para sa pagbebenta nito ng milled rice, cacao, palm oil at rubber, bukod sa iba pa," ani Villareal.

Bukod sa pagbibigay ng mga suportang serbisyo, sinanay din ng DAR Caraga ang mga magsasaka sa pamamagitan ng mga nabanggit na proyekto kabilang din ang Village-Level Farm Enterprise Development (VLFED), Farm Business School (FBS), Farm Productivity Enhancement Projects, at iba pang credit assistance projects.

Nagpahayag ng pasasalamat si Villareal sa kanyang mga kawani sa rehiyon at sa suportang ibinigay ni Kalihim Bernie F. Cruz at sa walang humpay na pagsisikap ni Support Services Office Undersecretary Emily Padilla sa paghahatid ng mga kailangang suporta ng mga ARBOs.

"Marami pa tayong gagawin para sa ating mga farmer-clients sa mga darating na taon," ani Villareal, habang ipinagmamalaki niyang inanunsyo na natapos na ng DAR-Caraga region ang lahat ng mga target nito sa mga programa sa paghahatid ng mga suportang serbisyo para sa mga ARBs at ARBOs bago pa man matapos ang 2021.

PEBRERO 13

DAR NAGKALOOB NG P10.9-M MANGA BRIDGE SA SOUTH COTABATO

Nagkaloob kamakialn ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa lalawigang ito ng Php 10.9-milyong tulay sa Purok Manga, Barangay San Jose, upang mabigyan ng mas mabilis, mura at mas ligtas na daraanan ang mga magsasaka at residents patungo sa kanilang destinasyon.

Ang Manga bridge project ay ipinatupad sa ilalim ng Tulay ng Pangulo para sa Kaunlarang Pang-agraryo (TPKP) sa pakikipagtulungan sa Department of Public Works and Highways-XII at local na pamahalaan ng Norala.

Ang nasabing tulay ay may habang 22.8 linear metro na kumukunekta sa mga barangay Lapuz, Matagol at Liberty. May 6,000 residente ng Barangay San Jose ang makikinabang sa nasabing proyekto.

Ayon kay DAR-Socsksargen Assistant Regional Director Roldan Ali ang tulay ay makatutulong sa mga magsasaka na maihatid nila ang kanilang mga produkto ng mas mabilis, ligtas at mas murang gastusin sa byahe, patungo sa iba't ibang trade center at merkado.

"Kahanga-hanga ang matibay na pagtutulungan ng mga stakeholders at naniniwala ako na ang mga benepisyaryo ng tulay na gagawin ang kanilang bahagi sa pagpapanatili ng magandang kondisyon ng tulay," aniya.

Nagkaroon din ng lagdaan ng sertipiko sa pagbibigay at pagtanggap ng proyekto kung saan nagsisilbi itong katunayan na naibigay na ang proyekto at naihabilin na sa mga benepisyaryo ang kanilang responsibilidad rito.

Nagpasalamat si Norala Mayor Clemente Fedoc sa DAR para sa ibinigay nitong proyekto at nangako na patuloy niyang susuportahan ang at tutulungan ang ahensiya sa sa pagbibigay ng kinakailangan ng mga magsasaka.

Naghayag din ng pasasalamat sa pamahalan ang Punong Barangay ng San Jose na si Salvador Floro at tinitiyak niya sa ahensiya na siya mismo ang mangunguna sa kanyang mga kanayon sa pag-aalaga sa proyekto.

PEBRERO 14

PHP 9-MILYONG HALAGA NG TULAY AT MAKINARYANG PANGSAKA, ISANG PAGPAPAHAYAG NG PAGMAMAHAL NG DAR SA MGA MAGSASAKA SA NUEVA ECIJA

Personal na inilipat ni Department of Agrarian Reform (DAR) Secretary Bernie F. Cruz ang isang tulay sa barangay Sta. Ana, Guimba, at mga makinaryang pangsaka sa bayan ng Gapan, na pawang matatagpuan sa lalawigan ito, ang kabisera ng bigas ng Gitnang Luzon na may kabuuang halaga na Php9 milyon bilang pagpapahayag ng pagmamahal nito sa mga magsasaka sa lalawigan.

Ang Php7.9 milyon na halaga ng tulay ay ipinapatupad sa ilalim ng Tulay ng Pangulo para sa Kaunlarang Pang Agraryo (TPKP) upang pagkalooban ang mga magsasaka ng mas mabilis na daan sa paghahatid ang kanilang mga produkto sa pamilihan.

Ayon kay Cruz, ang materyal ng tulay ay inangkat mula sa bansang France at ang bakal nito ay kasing tibay ng Eiffel tower.

"Ang proyektong ito ay bilang tugon sa kahilingan ng mga magsasaka na bigyan sila ng mas madaling paraan upang tumawid sa ilog sa pagdadala ng kanilang mga produktong agrikultural sa pinakamalapit na pamilihan," ani Cruz.

Ipinahayag ni DAR Central Luzon Regional Director James Arsenio Ponce na ang bago at mas maayos na Bonsobre bridge, ay magiging pangmatagalang pamana ng DAR, Department of Public Works and Highways (DPWH), barangay local government unit (LGU) ng Sta. Ana, municipal LGU ng Guimba at ng lalawigan ng Nueva Ecija na mapapakinabangan ng agrarian reform community ng lalawigan at pangkalahatang publiko.

Ang double-lane Bonsobre bridge ay ay magdadala na ngayon ng higit na kaginhawahan sa 128 agrarian reform beneficiaries, 273 mga kabahayan at mahigit sa 1,000 mga residente ng barangay Sta. Ana pa lamang. Ito ay hindi lamang makatutulong sa mga magsasaka na maghatid ng mga ani sa merkado nguni't ito rin ay nangangahulugan na makapagbibigay ng mas mahusay na daan para sa pangkalahatang publiko," ani Ponce.

Nagpahayag ng pasasalamat si Guimba Municipal Administrator Jose Francis Stevens M. Dizon sa DAR sa pagkakataong ibinigay sa kanyang bayan na makatanggap ng naturang mahalagang proyekto.

Ibinunyag niya na ang dating one-lane na steel bridge na may wooden plank ay nagdudulot na ng panganib sa mga residente at commuters dahil sa hindi magandang kondisyon nito.

"Pagkaraan ng mahigit labintatlong (13) taon, ang pagtatayo ng 28.80 linear meter at double-lane na tulay na nagsimula noong Hunyo 2021 ay natapos na din sa wakas," ani Provincial Agrarian Reform Program Officer II Eden B. Ponio.

Sinabi ni Ponio na bago ang pagpapatupad ng proyekto, regular lamang na pinapanatili ng barangay Sta. Ana ang tulay sa pamamagitan ng pag-ipit sa mga lumuwag na tabla na gawa sa kahoy, pag-bolting ng mga bakal at pagkakabit ng mga braces upang patibayin ito at matiyak na ligtas itong gamitin ng mga commuter.

"Ang mga residente sa lugar lalo na ang mga magsasaka ay madali ng makapaghahatid ng kanilang mga produkto sa sakahan sa pamamagitan ng pagdaan sa bagong tulay," aniya,

Nagpahayag ng pasasalamat si ARB Rolando Limon sa pagkakatayo ng tulay na magkokonekta ng kanilang barangay sa mga karatig na nayon at mababawasan na nito ang oras ng kanilang pagbibiyahe, gastusin at pagod.

"Ang mga magsasaka ay nahihirapan sa pagdadala ng kanilang mga ani, na nagiging bulnerable sa mga karagdagang gastos sa paghakot at posibleng pagkasira ng mga produkto dahil ang mga mabibigat na trak ng mga mamimili ay tinatanggihan ang pagdaan sa lumang tulay," aniya.

Ipinahayag ni DAR Undersecretary for Foreign Assisted and Special Project Office (FASPO) Virginia N. Orogo, ang kanyang pasasalamat sa suportang ipinagkaloob ng mga partner-agencies upang maisakatuparan ang proyekto.

Bukod sa proyektong tulay, ipinagkaloob din sa dalawang (2) agrarian reform beneficiaries' organizations (ARBOs) na kinabibilangan ng Tupad Pangarap MPC ng Barangay Mabunga, Gapan City at San Antonio Weste RIC na nakabase sa Barangay San Antonio Weste, Lupao, Nueva Ecija, ang bagong 4-wheel drive, 40-HP farm tractor na may rotavator at 1-ton capacity na trailer na nagkakahalaga ng Php1 milyon sa ilalim ng Climate Resilient Farm Productivity Support Project (CRFPSP).

PEBRERO 15

DAR South Cotabato sinuportahan ang seguridad sa pagkain sa pamamagitan ng pamamahagi ng farm inputs

Upang makaseguro na may sapat na makakain ang bansa, namahagi kamakailan ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa lalawigan ng South Cotabato ng mga binhi ng gulay at iba pang kagamitang pangsaka sa mga kasapi ng Puti Agrarian Reform Beneficiaries Association sa Barangay Puti, Norala, South Cotabato.

Ayon kay DAR Soccsksargen Regional Director Marion Abella, namahagi ng mga farm input ang ahensiya bilang bahagi ng starter kit para sa produksyon ng gulay sa ilalim ng proyektong Buhay sa Gulay.

"Ang proyektong Buhay sa Gulay ay insiyatibo ng ahensiya upang makatulong sa pagpapanatili ng mapagkukuhanan ng makakain sa pamamagitan ng pagsusulong ng urban gardening na makapagpapalakas ng produktibidad ng suplay ng gulay sa kanayunan," aniya.

Ani Abella, ang DAR ay namahagi ng mga gulay tulad ng talong, pole sitaw, siling pangsigang, at iba pa, at namigay din ng pataba at mga farm implement gaya ng wheelbarrow, shovel, power sprayer, at e-knapsack sprayer, kung saan ito ay naipatupad sa pamamagitan ng Climate Resilient Farm Productivity Support Project (CRFPSP).

Layuning ng CRFPSP na palakasin ang produksyon, pagpoproseso at pagbebenta ng produkto ng mga magsasaka upang tumaas ang kanilang mga kinikita.

Hinimok ni Chief Agrarian Reform Program Officer Lorna Garde ang mga benepisyaryo na alagaan ang mga kagamitang tinanggap nila at hinamon na na maging produktibo ang kanilang pananim.

"May tatlo hangggang apat na buwan bago anihin ang mga gulay ng mga magsasaka. Ilang buwan lang makadaragdaga ang produksyon ng gulay na ito na mapagkukuhanan ng pagkain ng komunidad, at magibigay din ng dagdag kita sa mga agrarian reform beneficiaries at kanilang mga kabahayan," aniya.

Idinagdag pa niya na ang ahensiya ay tutulong sa kanila sa pagbebenta ng kanilang produkto sa pamamagitan ng matibay na ugnayan sa merkado at pakikipag-ugnaya sa mga potensyal na mga mamimili.

21 empleyado ng DAR-Soccsksargen nanumpa sa tungkulin

Nanabik at masayang nanumpa kamakailan sa harap ni Regional Director Marion Abella ang limang bagong na-promote at 16 na bagong empleyado ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Rehiyon XII, na nangakong gagawin ang kanilang makakaya bilang mga tagapaglingkod sa bayan.

Sinabi ng chairman ng human resource and promotions board H. Roldan Ali, na ang mga bagong natanggap at na-promote ay masusing pinag-isipan at pinili ng lupon matapos na maungusan nila ang iba pang mga aplikante para sa mga posisyon ng Agrarian Reform Program Technologist, Agrarian Reform Program Officer I, at Administrative Aide VI sa mga lalawigan ng Cotabato, Sultan Kudarat, at South Cotabato.

Sa kanyang mensahe, binati ni Abella ang mga bagong natanggap at na-promote na empleyado at hinimok silang gampanan ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad nang may dedikasyon at pangako na paglilingkuran hindi lamang ang mga benepisyaryo ng repormang agraryo, kundi pati na rin ang mga may-ari ng lupa at iba pang stakeholder ng agrarian reform program.

"Itututuro sa mga bagong empleyado ang tatlong pangunahing sangkap ng departamento, kabilang na ang: pagpapabuti ng pagmamay-ari ng lupa, suportang serbisyo, at paghahatid ng hustisyang agraryo, upang matiyak na ang pinakamahusay na serbisyo ay maibibigay sa aming mga kliyente at stakeholder," ani Abella.

Hinimok niya ang lahat ng nanunumpa na ibigay ang kanilang makakaya sa pangangailangan ng serbisyo at patunayan sa Diyos at bansa na karapat-dapat sila sa mga posisyong itinalaga sa kanila.

Si Emmanuel Nicart, ang bagong na-promote na Agrarian Reform Program Officer I mula sa DAR-Sultan Kudarat ay nagpahayag ng kagalakan sa kanyang promosyon at sinabing ibibigay niya ang kanyang buong makakaya upang gampanan ang lahat ng mga tungkulin at gawaing itinalaga sa kanya.

Dumalo rin sa seremonya si DAR Assistant Regional Director Mariannie Baunto, Provincial Agrarian Reform Program Officers Rodolfo Alburo, Evangeline Bueno, Mary Jane Aguilar, at Pinky Ponte.

PEBRERO 16

DAR ADJUDICATION BOARD SA LUZON NAGTALA NG 40.48% MULA SA PAMBANSANG RESOLUSYON NG MGA KASONG MAY KAUGNAYAN SA REPORMANG AGRARYO

Nakakuha ng malaking bahagi na 40.48% ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa Luzon mula sa kabuuang 22,452 nationwide accomplishment ng DAR Adjudication Board (DARAB) field offices sa pagresolba ng mga kaso na may kaugnayan sa repormang agraryo dahil sa pagkakalutas nito ng may kabuuang 9,088 kaso sa buong taon ng 2021.

Kinilala ni DARAB Executive Director Atty. Roland C. Manalaysay ang mga sumusunod na rehiyon sa Luzon na naka pagresolba ng 100% ng mga kaso nito na kinabibilangan ng Cordillera Administrative Region na nagresolba ng 841 mga kaso, rehiyon ng Ilocos na nakaresolba ng 700 kaso, Cagayan Valley 1,228 kaso, Central Luzon 3,637 kaso, at MIMAROPA 670 kaso. Nakamit ng CALABARZON ang 99.88% na may 840 kaso at rehiyon ng Bicol na may 99.74% kung saan ito ay nag resolba ng 1,172 mga kaso.

Sinabi ni Manalaysay na ang mga hindi naresolbang kaso, na napakaliit, ay nauukol lamang sa mga bagong natanggap na kaso noong 2021. Binigyang-diin din niya na ang mga rehiyong ito ay walang mga nakabinbing kaso para sa taong 2020 at walang tumatanda na hindi naresolba na mga kaso, na higit sa isang taong gulang, para sa taong 2021.

"Upang banggitin ang ilan, ang mga karaniwang humahadlang para sa grupong Luzon batay sa 2021 performance review ay ang online legal case monitoring system (LCMS) glitches, mga error at pagkaantala sa system at ang mga isyu na nauugnay sa COVID-19 gaya ng pagsususpinde at/o pag-reset ng mga pagdinig, pagkaantala sa pag-mail, pag-file, atbp. at mga paghihigpit sa inter-zonal na paggalaw," aniya.

Binigyang-diin ni Manalaysay ang higit pang mga dahilan na nagpapadali at istratehiya para sa Luzon group; kabilang na ang motibasyon upang mapanatili ang mga natamo ng zero backlog thrust, na ngayon ay magiging zero caseload, buong administratibong suporta mula sa Regional Director at Provincial Agrarian Reform Program Officers, pagpuno ng mga plantilla items at pinahihintulutang pagkuha ng karagdagang Contract of Services personnel.

"Ang pagsasagawa ng mga virtual na kumperensya at pagdinig at personal na paraan ng serbisyo ng mga utos, desisyon at resolusyon sa pamamagitan ng sheriff, ang mga panuntunan para sa electronic transmission mode ng serbisyo, mahigpit na pagsunod sa 2021 DARAB Rules of Procedures at pagsunod sa mandatoryong proseso ng Alternative Dispute Resolution (ADR) ay tumulong din na mapadali ang mabilis na pagresolba ng mga kaso," dagdag niya.

DAR UUMPISAHAN SA MARSO ANG PAMAMAHAGI NG CAMP KEITHLEY, MARAWI SA MGA MAGSASAKANG WALANG LUPA

Ipamamahagi ang isang bahagi ng Camp Keithley, isang military reservation sa Marawi, Lanao del Sur, sa mga agrarian reform beneficiaries (ARBs)sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).

"Matagal na silang naghihintay. Ang mga lupang ito ay bahagi ng kanilang ancestral domain. Dapat itong ibalik sa kanila. Gawin natin ang ating makakaya upang maipamahagi ang mga lupaing ito sa kanila sa darating na Marso," ito ang sinabi ni Department of Agrarian Reform (DAR) Secretary Bernie Cruz sa ginanap na 2021 year-end assessment at 2022 direction setting ng kagawaran dito sa Cebu City.

Ayon kay Cruz, ang pamamahagi ng mga nakatiwangwang na government-owned lands (GOLs) tulad ng sa Marawi ay prayoridad alinsunod sa direktiba ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa ilalim ng Executive Order No. 75, serye ng 2019.

"Naniniwala ang ating pangulo na ang

Sundan sa pahina 8

Mula sa pahina 7

mga taga-Bangsamoro ay nakaranas ng kawalan ng katarungan sa mga nagdaang panahon, dahilan upang magbanta sa kanilang lehitimong karapatan sa lupa simula ng sila'y isilang. Nararapat lamang na bayaran natin sila sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga government owned-lands upang maituwid ang mga pagkakamali sa kanila," ani Cruz.

Inatasan ni Cruz ang DAR Field Operations Office at rehiyon ng Northern Mindanao na agad na tapusin ang survey sa Camp Keithley sa Marawi City, para matukoy ang mga naapektuhan at agad na maipamahagi ang lupa sa mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) ng Marawi.

Inilahad ni DAR-Northern Mindanao regional director Zoraida Macadindang sa kanyang progress report na ang DAR ay nagsusumikap na tapusin ang mga gawain sa gitna ng banta ng pandemya. Nireresolba rin ang mga isyu sa coverage ng Camp Keithley military reservation kabilang na dito ang pag-ayaw ng mga potensyal na ARB/aplikante sa Barangay Alinun, Saguiaran, sa pagsasagawa ng survey, at ang pagkaantala sa pagsasagawa ng subdivision survey, dahil ang mga potensyal na ARBs/aplikante ay hindi nakadalo sa panahon ng pagsusukat.

"Ngunit sa kabila ng mga hamon na ito, 70 porsiyento na ang aming natapos sa pagtukoy ng mga landholding para sa pamamahagi, pagsusuri ng perimeter, mga aktibidad sa pagkuha at pagpapatunay, dokumentasyon at pag-apruba ng mga plano sa subdivision," ani Macadindang.

"Maaari na tayong magsimulang magpamahagi ng mga lupain sa darating na Marso simula sa humigit-kumulang 200 ektarya at susundan ito ng mga pamamahagi ng lupa sa mga susunod na buwan habang tinatapos namin ang paggawa sa natitirang pang mga lupain sa naturang military reservation," paliwanag ni Macadindang.

Noong Oktubre 2021, isinalin ni Defense Secretary Delfin Lorenzana sa DAR ang deed of transfer ng isang bahagi ng Camp Keithley military reservation na pag-aari ng gobyerno.

Sa ilalim ng CARP, ipapamahagi ang military reservation sa mga kinilalang magsasaka sa Marawi.

Ang military reservation na ito ay binubuo ng 6,667 ektarya at batay sa EO 75, at matapos ang inisyal na survey ng DAR, 4,000 ektarya ng lupa ang ipamamahagi sa mga kwalipikadong benepisyaryo sa mga bayan ng Marawi, Marantao, Piagapo, at Saguiaran sa Lanao del Sur.

Ang Camp Keithley ay dating base militar ng Estados Unidos na itinayo noong nagsimula ang giyera ng Pilipinas at Amerikano noong unang bahagi ng ika-20 siglo. Noong Disyembre 23, 1953, idineklara ni dating Presidente Elpidio Quirino, sa bisa ng Presidential Proclamation No. 453, ang pagbabago ng gamit ng 6,667-ektaryang lupain, na ngayon ay may pangalang Camp Amai Pakpak, bilang isang military reserve.

PEBRERO 17

36 na kooperatiba ng mga magsasaka sa Bicol tumanggap ng P1.5-M solar driers

Tatlumpu't anim (36) na organisasyon ng mga magsasaka ng palay sa rehiyon ng Bicol, ay nakakuha ng tulong mula sa Department of Science and Technology (DOST) sa pagbibigay ng P1.5 milyong halaga ng Portable Solar Dryer-Grains Thermal Drying Trays (Portasol-GTDT) sa pamamagitan ng proyektong "Upgrading the Drying Process of Playa through PORTASOL Technology."

Sampung (10) agrarian reform beneficiaries' organizations (ARBOs) mula sa Albay at apat mula sa Sorsogon ang nakatanggap ng portable drying equipment na nagkakahalaga ng P935,000 at P630,000, ayon sa pagkakasunod. Labindalawang iba pang grupo sa Sorsogon ay nakinabang din sa proyekto.

"Labing-apat (14) sa mga nakatanggap ay mga ARBO, at ang iba ay mga farmers' groups na tinutulungan namin para makakuha ng mga kagamitang tulad nito mula sa iba pang ahensya ng gobyerno. Kami sa gobyerno ay nagpapaabot ng tulong sa pamamagitan ng mga programa at proyekto na maaari naming ipatupad para matulungan ang bawat isa sa aming mga kliyente at stakeholder," ani DAR regional director Rodrigo Realubit.

"Ang aming tungkulin sa DAR ay hindi tumitigil sa pamamahagi ng mga lupa sa mga magsasaka, tinitiyak din namin na makuha nila ang mga suportang serbisyo na kailangan nila para maging produktibo ang kanilang lupain," dagdag ni Realubit.

Sinabi ni Realubit na ang mga lalawigang ito ay mga lugar kung saan ang pagsasaka ng palay ay malaki ang kinikita sa bahaging ito ng Bicol. Gayunpaman, dahil sa kakulangan ng mga pasilidad para sa kumpleto at malinis na pagpapatuyo ng palay, ang mga magsasaka ay dumaranas ng pagkalugi na nagreresulta sa pagbaba ng kaniang kinikita.

Ang bawat ARBO ay nakakuha ng dalawang unit ng Portasol-GTDT na magsisilbing solar drying alternative para sa kanilang palay at iba pang pananim. Ito ay may kasamang set ng 12 tray at maaaring magpatuyo ng hanggang 150 kilo, o tatlong cavan ng palay, sa isang buong araw na pagbilad sa araw. Nakatutulong din ito sa pagpapababa ng moisture content ng butil upang maiwasang mabulok ang palay.

"Karaniwan, ang mga Pilipinong magsasaka ay nagpapatuyo ng kanilang mga inaning palay sa semento at maging sa mga kalsada at mga lansangan. Ang mga nakabilad na palay ay naghihikayat sa mga hayop gaya ng ibon at daga na ito ay kainin. Sa kabilang banda, kung ang mga butil ay hindi sapat ang pagka-tuyo, ito ay madaling magkaroon ng amag at mababulok sa imbakan," ani Sorsogon agrarian reform chief Nida Santiago.

"Kami ay masaya parasa mga magsasaka dahil sa pamamagitan ng Portasol-GTDT ay malulutas na ang kanilang problema sa nasasayang at nababulok na palay tuwing anihan," ani Santiago.

Sinabi ni DOST Bicol Director Rommel Serrano, "maliban sa Portasol, pagsasanayin din ng ahensya ang mga magsasaka sa tamang pamamahala at operasyon, tulong teknikal, at regular na pagsubaybay at pagsusuri ng proyekto, bilang bahagi ng layunin nitong mapabuti ang produksiyon ng mga magsasaka at kalidad ng produkto."

Si Shariza Shaika Requiero, presidente ng Quipia Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative (QARBC) ng Jovellar, Albay, ay nagpahayag ng pasasalamat sa tulong na ibinigay ng DOST at DAR.

"Itinuturing namin ang aming sarili na masuwerte na napili bilang isa sa mga tumanggap ng teknolohiyang ito, na nakikita namin bilang isang patunay ng hindi natitinag na pangako ng pamahalaan sa layunin at kapakanan ng mga magsasaka," dagdag ni Requiero.

Ayon sa kanya, ang mga magsasaka ay nakaligtas sa COVID-19 dahil ang gobyerno ang kanilang pinakamakapangyarihang kaalyado. Kung wala ang suporta ng gobyerno, hindi sila ituturing mga bayani ng pandemya.

Ang pagkakaloob ng portable drying equipment ay bahagi ng programa ng DOST na Community Empowerment through Science and Technology (CEST), na partikular na idinisenyo upang suportahan ang mga hakbangin na naglalayong mapabuti ang antas ng pamumuhay ng mga tao sa kanyunan.

Ang mga ARBO na tumanggap ng solar driers ay ang Bagacay-Contod Irrigators Association (BACIA) at ang Ariman-Tabi Buenavista Irrigators Association (ATABIA) sa Gubat, ang Sipaya Small Farmers Association (SISFA) at Calateo Farmers Association (CAFA) sa bayan ng Juban, Sorsogon.

Ang mga nasa Albay ay ang Quipia Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative (QARBC), Bgy. Villapaz Unified Farmers Association, Association of Men and Women of Gabawan, SARIGAN (Sa Agrarian Reform Iriba Gabos sa Kauswagan), GHARCA (Guinobatan Highland ARC Association), Quibongbongan Farmers Association, PANALA Farmers Association Inc., Ubaliw San Ramon Farmers Association, HATAFA (Hacienda Tabaco Agrarian Farmers Association), at ang Bantayan Quinastillojan Farmers Association.

KOOPERATIBA NG MGA MAGSASAKA SA ALBAY UMUNLAD DAHIL SA DAR MICROFINANCE PROGRAM, NAKAPAGPATAYO NG PILI AT MEAT PROCESSING CENTER

Nakatulong sa pag-angat ng buhay ng mga magsasaka ng palay dito ang pinagsamang pagsisikap ng mga institusyon ng gobyerno sa pangunguna ng Department of Agrarian Reform (DAR) at Land Bank of the Philippine (LANDBANK) sa pamamagitan ng kanilang relending services sa pagtatanim.

Sinabi ni Susan Requiero, general manager ng Quipia Agrarian Reform Beneficiaries Association Cooperative (QARBC), na ang pagtutulungan ng iba't ibang ahensya ng gobyerno ay naging instrumento sa pagpapaabot ng tulong sa kanilang 121 miyembro.

"Ang Cabraran Grande sa Jovellar, Albay, ay isang malayong barangay. At dahil malayo ito sa lungsod, hindi nakararating ang mga serbisyong pinansyal. Kami ay umaasa lamang sa mga impormal na nagpapahiram upang pondohan ang aming produksyon sa agrikultura," ani Requiero.

Ito ang nag-udyok sa kanila na mag-organisa ng isang grupo ng 32 magsasaka mula sa kanilang nayon. Noong Hunyo 2011, sa suporta at tulong ng DAR, itinatag ni Requiero ang Quipia Agrarian Reform Beneficiaries Association Cooperative (QARBC), kung saan siya ang gumaganap bilang general manager nito.

Makalipas ang ilang taon, habang patuloy na lumalaki ang mga miyembro ng kooperatiba, humingi ng tulong ang QARBC sa DAR sa pamamagitan ng Agrarian Production Credit Program (APCP)

Sundan sa pahina 9

Mula sa pahina 8

para tustusan ang kanilang relending services para sa crop production at palawakin ito sa iba pang negosyo.

Noong Agosto 2016, tinulungan ng DAR ang kooperatiba na itatag ang microfinance program nito para umakma sa mga patuloy na interbensyon at mabawasan ang mga umiiral na credit gaps. Ang kooperatiba, na may panimulang kapital na P100,000, ay nag-alok ng production loan mula P5,000 hanggang P20,000 na may umiikot na credit terms sa mga miyembro nito sa mas mababang interest rate na tatlong porsiyento kada buwan.

Sa 139 na regular na umuutang, ang microfinance program income ng QARBC ay lumampas na sa P500,000. Ang kanilang mga ari-arian ay nagkakahalaga lamang ng P12,540 noong sila ay nagsimula. Gayunpaman, ito ay lumago nang husto ng wala pang 10 taon at umabot sa P967,195 noong Disyembre 2020.

Ayon kay Requiero, ang kahanga-hangang paglaki sa mga ari-arian at kita ng QARBC ay labis na naiugnay sa aktibong paglahok ng mga miyembro sa mga operasyon nito.

"Ang aming mga opisyal ay nagkaroon ng isang mahusay na relasyon sa mga miyembro nitong nakaraang 10 taon. Nakita namin ang pag-unland ng aming partnership," ani Requiero.

"Ang pagkakaroon ng tiwala ng mga miyembro ay napatunayang isang hamon sa simula, dahil karamihan sa mga kooperatiba na kilala nila ay hindi umunlad, ngunit kami ay nagpumilit. Lahat ay may mga reserbasyon, ngunit nalampasan namin ang mga ito sa aming pagiging tapat. Kami ay nagtaguyod ng isang mapagkakatiwalaang pag-iisip sa aming mga miyembro," aniya.

Sa ngayon, mayroon nang 121 miyembro ang QARBC sa kanilang lugar at mula sa mga karatig barangay ng San Vicente, San Roque, Maogog, Villapaz, White Deer, at San Isidro. Pinalawak din ng kooperatiba ang negosyo nito. Nagpapatakbo na ito ngayon ng isang farm input dealership at umuupa ng mga post-harvest equipment tulad ng hand tractors, threshers, mechanical transplanters, at reapers.

Sa mga kinita mula sa kanilang microfinance program, napondohan ng kooperatiba ang kanilang machinery shed, na nagkakahalaga ng P150,000, at nag-ambag ng P80,000 bilang kanilang counterpart para sa pagtatayo ng pili nut at meat processing center.

Ibinigay ng DAR ang nasabing pasilidad sa pamamagitan ng proyekto ng Village Level Farm Focused Enterprise Development (VLFED) na nagkakahalaga ng P570,000.

Prayoridad din ng QARBC ang patuloy na edukasyon sa pamamagitan ng paghikayat sa mga miyembro nito na samantalahin ang mga teknikal na kasanayan at capacity-building na pagsasanay na iniaalok ng DAR upang makamit ang self-reliance at market competitiveness.

"Malayo tayo sa town proper, pero naaabot pa rin tayo ng DAR sa kanilang mga serbisyo. At masaya tayo na makapag-ambag tayo sa ating komunidad, makapagbigay ng trabaho, at tumulong sa pagpapayaman ng buhay ng ating mga magsasaka. Hanggang ngayon, ang DAR ay may binibigyan kami ng moral at iba pang mga proyektong pangsuporta para makamit ang lahat ng tagumpay na ito. Hindi sila nagkukulang na gabayan kami sa pamamahala ng aming organisasyon. Ang kanilang suporta ang nagpapanatili sa amin," dagdag ni Requiero.

Ang APCP ay magkasanib na programa ng DAR at LANDBANK, na naglalayong makamit ang sustainable crop production at pataasin ang kita ng agrarian reform beneficiaries at kanilang mga sambahayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng credit at capacity building assistance.

PEBRERO 18

Tulay ng Pangulo lumikha ng road networks para sa mga magsasaka noong 2021

Nakapagpagawa ang Department of Agrarian Reform (DAR), sa pamamagitan ng Foreign Assisted and Special Projects Office (FASPO), ng 107 tulay sa kanayunan sa buong 2021.

Sinabi ni DAR Secretary Bernie Cruz na mula sa target na 186 na tulay para sa 2021, nakapagpatayo ang DAR ng 107 tulay sa pamamagitan ng FASPO.

"Hindi kami huminto sa pagpapatupad [ng proyekto], ngunit ang pandemya ay nagpabagal sa amin sa pagpapatayo ng mga tulay na ito. Sa kasalukuyan, mayroong 49 na patuloy na ipinapatayong tulay, 30 ang nasa pre-construction stage at, 22 karagdagang tulay na ipatatayo sa kanayunan ngayong taon," ani Cruz sa 2021 year-end assessment at 2022 direction setting ng ahensya na ginanap dito.

Ang pagtatayo ng mga tulay ay naging posible sa ilalim ng Tulay ng Pangulo Para sa Kaunlarang Pang-Agraryo (proyektong TPKP), na pinondohan ng France, sinusubaybayan ng DAR, at ipinapatupad ng Department of Public Works and Highways (DPWH).

Sinabi ni Cruz na ang proyekto ng TPKP ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga agrarian reform beneficiaries sa lalawigan dahil ito ay nagbibigay-daan sa kanila upang maihatid ang kanilang mga ani mula sa kanilang mga sakahan patungo sa pamilihan nang mas madali at mas mabilis.

"Lubos naming ipinagmamalaki ang proyektong dahil ito ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng buhay ng mga magsasaka," aniya.

Sinabi ni Cruz na ang TPKP ay batay sa pamantayan na dapat itong ipatupad sa isang agrarian reform community (ARC), walang existing roads sa magkabilang panig, dapat may 28 linear meters mula sa pampang patungo sa kabilang pampang, at dapat ipatupad sa isang municipal road.

Sa kanyang progress report, sinabi ni DAR Undersecretary Virginia Orogo na ang proyekto ng tulay na nag-uugnay sa network ng kalsada sa loob ng mga barangay ng ARC ay humantong sa pagpapabuti ng pang-ekonomiyang kapakanan ng libu-libong magsasakang-benepisyaryo ng repormang agraryo sa mga komunidad ng sakahan sa buong bansa.

Sinabi niya na 107 tulay na itinayo sa buong bansa ay nag-aambag na ngayon sa pag-unlad ng ekonomiya ng mga lalawigan.

"Bago ang naitayo ang mga tulay na ito, karamihan sa mga magsasaka at residente ay kailangang tumawid sa mga ilog, maputik na kalsada, mga kalsadang binabaha o kaya, sila ay umiikot sa mas mahabang ruta para maiwasan ang mga sagabal na ito. Salamat sa TPKP, ang mga ani at produkto ng mga magsasaka at ng lalawigan ay mabilis nang nakararating sa mga pamilihan sa Maynila. Dahil sa mga tulay na ito, mas madali nang maihatid ang mga kasangkapan at materyales at iba pang pangangailangan ng mga magsasaka at ng kanilang mga komunidad," ani Orogo.

PEBRERO 19

DAR PINANGASIWAAN ANG MARKETING AGREEMENT SA PAGITAN NG BJMP AT MGA MAGSASAKA SA ZAMBO SIBUGAY

Sa patuloy na pagpupursige ng pamahalaan na labanan ang kagutuman sa lalawigan ng Zamboanga Sibugay, pinangasiwaan kamakailan ng Department of Agrarian Reform (DAR) provincial office ang lagdaan ng marketing agreements sa pagitan ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) District Jail at dalawang (2) DAR-assisted cooperative, ang Silingan Rubber Farmers Association (SIRFA) at Mate Women's Association.

Ayon kay Provincial Agrarian Reform Program Officer II (PARPO) Mohammad Dassan Adju ang agreements na ito ay magdadala ng benepisyo sa magkabilang panig dahil ang BJMP District Jail ay makaseseguro ng sariwang rasyon ng gulay sa mga persons deprived of liberty (PDLs) sa kanilang pasilidad samantalang ang dalawang agrarian reform beneficiaries organizations (ARBOs), ay magkaroon ng regular na pagbebentahan ng kanilang mga produkto.

Bukod sa gulay at root crops, ang Mate Women's Association ay magrarasyon din ng coco-vinegar sa BJMP District Jail.

"Ang marketing agreement ay ginanap sa pamamagitan ng epektibong pagpapatupad ng Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP) Program. Ang BJMP ay makatatanggap ng sariwang rasyon ng pagkain sa murang halaga at ang mga ARBO naman ay makapagbebenta ng kanilang produkto ng diretso sa institusyonal na mamimili, kung saan mas lalaki ang kanilang kikitain kumpra kung sa dadaan pa sila sa ibang partido o mangangalakal," ani Adju.

Idinagdag pa ni Adju na ang BJMP District Jail ay isa sa malaking tagasuporta ng DAR sa pagtulong sa mga ARBO sa lalawigan na nasa ilalim ng EPAHP program. Ang EPAHP ay isa sa mga banner program ng pamahalaan na binuo sa ilalim ng Executive Order No. 101 na ang pangunahing layunin ay bawasan ang kagutuman, tiyakin ang seguridad sa nutrisyon ng pagkain at itatag ang sustainable agriculture.

Ang marketing agreements, na idinaos sa BJMP District Jail Office, sa bayan ng Ipil, ay nilagdaan nina BJMP District Jail Warden JINSP Arvin Dan R Aguito at ng mga chairperson ng mga ARBO, Mr. Charlie Divinagracia atMs. Crisminda R. Tomarong ng SIRFA at Mate Women's Association.

Kasama ni Provincial Head PARPO II Adju, sa pangangasiwa ng aktibidad ay sina PARPO I Lorna Salera, Municipal Agrarian Reform Program Officers Ana Maria Calonia at Nicolas Pameron, Jr., Division Chief Anthony Teves at iba pang mga kawani ng DAR.

PEBRERO 20

DAR nakatakdang ipagkaloob ang P32-milyong halaga ng Tulay ng Pangulo sa Nueva Vizcaya

Nagsagawa kamakailan ang Department of Agrarian Reform (DAR) ng inisyal na inspeksyon sa nakumpletong Wacal Bridge project na nagkakahalaga ng P32 milyon sa Solano, Nueva Vizcaya, na ipinapatupad sa ilalim ng Tulay ng Pangulo para sa Kaunlarang Pang-Agraryo (TPKP) upang mabigyan ang mga magsasaka ng mas madaling daan transportasyon ng kanilang mga produkto sa merkado.

Ayon kay Provincial Agrarian Reform Program Officer II Engr. Rustico Turingan, ang proyekto ay pinondohan ng DAR sa ilalim ng TPKP sa pakikipagtulungan sa Department of Public Works and Highways (DPWH) at lokal na pamahalaan ng Solano.

"Ang P32 milyong tulay na bakal ay may 22.4 lineal meters at 7-meter wide span at may kapasidad na 20 tonelada na kayang daanan ng lahat ng uri ng sasakyan," aniya.

Ipinahayag niya na ang tulay ay pakikinabangan ng mahigit sa 4,500 residente kabilang na ang mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa Uddiawan agrarian reform community (ARC) at mga karatig na barangay.

"Layon ng tulay na mapagaan ang pagdadala ng mga ani ng mga magsasaka mula sa kanilang mga sakahan patungo sa pamilihan upang maibenta nila ito sa patas na presyo at madagdagan ang kanilang kita," ani Tulingan.

Ibinunyag ni Turingan na ang pagtatayo ng tulay na bakal ay nagsimula noong Oktubre 2021 at natapos ngayong taon. Ang opisyal na paglilipat ng pamamahala ng tulay sa lokal na pamahalaan ng Solano ay magaganap pagkatapos ng pinal na inspeksyon na gagawin naman ng DPWH.

Ang proyekto ay sinusubaybayan ng DAR sa ilalim ng Foreign Assisted and Special Projects Office (FASPO) na pinamumunuan ni Undersecretary Viginia N. Orogo.

Nagpahayag ang mga ARBs ng kanilang pananabik sa pagkakatayo ng tulay na magkokonekta ng kanilang barangay sa mga karatig na nayon at mababawasan ang oras ng kanilang pagbibiyahe, gastusin at pagod.

Kabilang sa proyekto ng TPKP ang pag-install at pagtatayo ng mga "universal bridges" sa mga priority ARCs na magsisilbing kanilang road networks patungo sa mga pangunahing pamilihan.

PEBRERO 22

DAR NAKAPAGPARSELA NG 175-T EKTARYA NG LUPA, PINAKINABANGAN NG 112,783 ARBS

NEWS DAR SPLIT ALERT

Nakapagparsela ang Department of Agrarian Reform (DAR) ng 174,798.86 ektarya ng lupaing pang-agrikultural na pinakinabangan ng 112,783 agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Project SPLIT o Support to Parcelization of Lands for Individual Titling.

Sa pamamagitan ng Project SPLIT, ang mga lupaing naipamahagi sa ilalim ng collective Certificates of Land Ownership Award (CCLOAs), ay hahati-hatiin at ang mga ARBs na tumanggap ng lupa sa pamamagitan ng collective ownership ay iisyuhan ng indibdwal na titulo ng lupa.

Ayon kay SPLIT National Project Director at DAR Assistant Secretary Rene Colocar sa halos 175 libong ektarya, may kabuuang 94,518.06 ektarya ang nagmula sa mga rehiyon ng 1, 8 at 9; ang mga pilot regions sa pagpapatupad ng proyekto.

"Ang ibang mga rehiyon ay nakapagtala ng may kabuuang 80,280.80 ektarya, at naniniwala ako na pagkatapos ng ating aktibidad ay masusundan din nila ang nagawa ng mga pilot regions," ani Colocar sa ginanap na 'Operations Problem Solving Workshop cum Policy Formulation Conference' noong Lunes, Pebrero 21, na idinaos sa Cebu City.

Binigyang diin ni Colocar na ang aktibidad ay magsisilbing lugar ng diskusyon sa mga issues at concerns na kanilang naranasan at makagawa ng polisiya para sa mas epektibo at mabilis na pagpapatupad sa paghahati ng lupa.

Sundan sa pahina 11

PEBRERO 21

DAR inilunsad ang urban vegetable gardening sa Zambo Norte

Inilunsad kamakailan ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa lalawigan ng Zamboanga del Norte ang "Buhay sa Gulay" project, isang urban vegetable gardening program na may layuning mabawasan ang kahirapan at mapuksa ang kagutuman, partikular sa mga barangay sa kabihasnan.

Ayon kay Provincial Agrarian Reform Program Officer II (PARPO) Rizzel Villanueva, ang proyekto ay ipinatupad sa ilalim ng Farm Business School (FBS), isang programa para sa mga magsasaka upang kanilang epektibong mapamahalaan ang kanilang produktong pang-agrikultural at mapalaki ang kanilang mga kinikita.

"Ang Sipaon Agrarian Reform Farmers' Association (SARFA) ang tumanggap ng starter kits mula sa DAR, dahil sa isa sila sa mga napiling grupo na makatanggap ng tulong sa lalawigang ito," ani Villanueva.

Kasama sa starter kits ang isang (1) electric water pump, dalawang (2) knap sack sprayers, dalawang (2) blue water barrels, dalawang (2) garden hoses, apat (4) na plastic sprinklers, at anim (6) na bolos. Kasama rin sa ipinagkaloob ang iba't ibang uri ng binhi ng gulay.

"Umaasa kami na sa paglulunsad ng proyektong ito, ang SARFA, na matatagpuan sa Sipaon, Rizal, ay lalaki bilang Sipaon Agrarian Reform Farmers' Cooperative (SARFCO) pagdating ng panahon, dahil karamihan sa malalaking negosyo ay nagsimula sa maliit na grupo," ani Villanueva.

Samantala, hinamon naman ni PARPO I Alfonso Tan ang mga kasapi ng SARFA na gamitin nila ang kanilang mga natutunan mula sa FBS upang lumago ang kanilang mga pananim at umusbong ang kanilang mga sakahan.

Ang aktibidad ay dinaluhan nina Mayor Fiona Marie Manigsaca, Municipal Agrarian Reform Program Officer Angela Patac, SARFA President Lope Culanag at mga opisyales ng DAR at SARFA.

Mula sa pahina 11

"Kailangan nating itaguyod ang malinaw na operasyon upang makausad tayo sa maayos na pagpapatakbo ng proyekto," aniya.

Ang SPLIT project, na ipinatutupad sa 78 lalawigan, at 15 at rehiyon ay sinimulan noong Nobyembre ng 2020 at magtatapos sa taong 2024.

Sinabi naman ni Foreign Assisted and Special Projects Office Undersecretary Virginia Orogo na ang proyektong ito ang magtutuwid sa pagkakamali ng mga nagdaang administrasyon.

"Hindi napoproteksyunan ang karapatan ng mga magsasaka sa kanilang pag-aari sa collective ownership dahil wala silang pinanghahawakang sariling titulo ng lupa," ani Orogo.

Dinagdag din niya na maraming problema at oposisyon sa pagva-validate ng mga lupa.

"Naniniwala ako na pagkatapos ng aktibidad na ito, makagagawa tayo ng matatag na resolusyon sa mga problemang haharapin natin sa pagpapatupad ng proyekto," ani Orogo.

Ang aktibidad, na magtatapos sa Pebrero 24, ay dinaluhan ng mga SPLIT implementers nationwide.

PEBRERO 24

MAGSASAKANG-BENEPISYARYO NG DAR MAKIKINABANG SA ENHANCED COUNTRYSIDE DEVELOPMENT PROGRAM NG CEBU

Nakipagpulong kahapon, Pebrero 23, si Department of Agrarian Reform (DAR) Secretary Bernie F. Cruz kay Cebu Governor Gwendolyn Garcia, sa Provincial Capitol, upang pag-usapan ang programa ng lalawigan na Enhanced Countryside Development (ECD), upang pataasin ang produksiyon ng pagkain at makamit ang sapat na pangangailangn dito.

Nagkaroon ng kasunduan ang DAR at ang pamahalaan ng Cebu noong nakaraang Disyembre 2021 kung saan ang mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) ay pagkakalooban ng financial assistance, access sa agricultural technology, capacity building training, market linkages at infrastructure facilities.

Sinabi ni Garcia na ang sapat na pagkain ay nangangailangan ng matibay na suporta sa financing, at ang pakikilahok at pakikipagtulungan ng mga magsasaka sa mga aktibidad sa produksyon ng pagkain.

"Dahil dito mamahagi tayo ng certificate of commitment sa mga ARBs sa Marso 30 upang mapakinabangan na nila ang tulong na ibibigay natin," aniya.

Sinabi ni Garcia na ang ECD program ay magkakaroon ng malaking epekto sa pagpapayaman sa mga lupaing ipinamahagi ng DAR sa mga magsasaka.

Sinabi ni Cruz na bahagi ng DAR, kikilalanin nila ang mga ARB na unang makatatanggap ng suporta mula sa programa.

"Mayroon tayong humigit-kumulang 31,590 ARB sa lalawigang ito at pipiliin natin ang mga kwalipikado at karapat-dapat na magsasaka na tatanggap ng tulong," aniya.

Ibinunyag ni Cruz na humigit-kumulang 35,544 ektarya ng mga lupain ang inookupahan ng mga ARB sa Cebu at ang tagumpay ng ECD program sa pagpapalakas ng produksyon ng pagkain sa lalawigan ay katumbas ng pag-unlad sa pamumuhay na pang-ekonomiya ng mga magsasaka.

Ang mga ARB sa Cebu ay organisado sa humigit-kumulang 107 agrarian reform beneficiaries' organizations.

PEBRERO 23

Organisasyon ng mga magsasaka sa Cavite pinaunlad ang 1,000 sq. m. na lote para sa urban vegetable farming

Isang board member ng bagong organisadong agrarian reform beneficiary organization (ARBO) sa Cavite, ang Brgy. Malainen Old Blessed Farmers Assoc., Inc. ang pumayag na gamitin ang kanyang 1,000 metro kuwadradong lote upang paunlarin ito sa ilalim ng urban vegetable farming project ng Department of Agrarian Reform (DAR) para makapagbigay ng karagdagang kita sa limampu't limang (55) magsasakang-miyembro nito at makapag-ambag ng masustansya at sapat na suplay ng pagkain sa mga residente at karatig lugar nito.

Tinaguriang "Buhay sa Gulay", ang pangunahing layunin ng proyekto ay isulong ang kahalagahan ng pagsasaka sa lunsod at bigyan ng kapangyarihan ang mga naninirahan sa lunsod na magkaroon ng alternatibong mapagkukunan ng kita sa pamamagitan ng produksyon at pagbebenta ng sariwang gulay.

Sinabi ni Provincial Agrarian Reform Program Officer II James Arthur T. Dubongco na pinayagan nii Artenio Marges, isa sa board of trustees ng ARBO na gamitin ang kanuyang 1,000 square meter na lupain para sa nasabing programa.

"Ang lupa ay tataniman ng iba't ibang mga gulay tulad ng pechay, Chinese kangkong at mustasa," aniya.

Ipinahayag niya na ang mga maa-aning gulay ay maaaring ibenta ng mga miyembro ng kooperatiba, kung saan ang limang (5) porsiyento ng mabebenta ay magsisilbing kita ng kooperatiba, at ang matitirang benta ay paghahatian ng mga miyembro bilang kanilang karagdagang kita para sa kani-kanilang mga pamilya.

Idinagdag ni Dubongco na inaasahan niya na karamihan sa mga urban areas sa Cavite ang magpapatupad ng proyektong ito dahil ito ay magbubukas sa mga mata ng mga tao sa kahalagahan ng pagsasaka sa komunidad.

Pinasalamatan sila ni Dubongco ang limang (5) mga siyentistang magsasaka ng Cavite na sina Danilo Arnes, chairperson Tres Cruses ARBs Farmers Association Inc. sa Tanza; Joselito Tibayan, Allan Tibayan ng Palangue Agrarian Reform Cooperative sa Naic, Mario Profeta ng Tres Cruces Agrarian Reform Beneficiaries Farmers Association at Teresita Villanueva ng Barangay Bunga Farmers Association sa Tanza dahil sa pagbabahagi ng kanilang kaalaman sa pagsasaka at sa kusang-loob na pagtulong na ibahagi ang kanilang kaalaman sa pagsasaka upang mapaunlad ang nasabing 1,000 metro kuwadrado para sa proyektong "Buhay sa Gulay".

PEBRERO 25

Cruz hinimok ang mga nagpapatupad ng SPLIT na madaliin ang pagpaparsela sa mga lupa

Pinuri ni Department of Agrarian Reform (DAR) Secretary Bernie F. Cruz ang mga tagapagpatupad ng Project SPLIT o Support to Parcelization of Lands for Individual Titling para sa kanilang matagumpay na aktibidad na "Operations Problem Solving Workshop cum Policy Formulation Conference," na nagsilbing lugar ng diskusyon sa mga issues at concerns na kanilang naranasan at makagawa ng polisiya para sa mas epektibo at mabilis na pagpapatupad sa paghahati-hati ng lupa.

Sa pamamagitan ng Project SPLIT, ang mga lupaing naipamahagi sa ilalim ng collective Certificates of Land Ownership Award (CCLOAs), ay hahati-hatiin at ang mga ARBs na tumanggap ng lupa sa pamamagitan ng

Sundan sa pahina 12

Mula sa pahina 11

collective ownership ay iisyuhan ng indibdwal na titulo ng lupa.

Sari-saring problema gaya ng oposisyon at legalidad ang mga lumalabas sa kanilang pagva-validate sa mga lupaing ipaparsela.

Ayon kay Cruz naitalaga na nila ang mga resolusyon at paraan upang harapin ang mga hamon ng pagpaparsela ng lupa at naniniwala siya na hindi na masalimuot at bibilis na ang pagpapatupad rito.

"Ang susi dito ay maigting na kooperasyon at maayos na komunikasyon upang maatim natin ang malakas na teamwork upang makamit ang layuning pagbibigay ng land tenure security sa mga ARB," aniya.

Idinagdag pa ng Secretary na ang proyekto ay magbibigay ng proteksyon sa kanila dahil sa pinanghahawakang titulo ng lupa.

Ang SPLIT project, na ipinatutupad sa 78 lalawigan, sa 15 rehiyon, ay sinimulan noong Nobyembre ng 2020 na magtatapos sa taong 2024.

Iniulat naman ni SPLIT National Project Director at Assistant Secretary Rene Colocar na ang Project ay nakapagparsela na ng 174,798.86 ektarya ng lupang pang-agrikultura sa 112,783 ARBs.

Ang aktibidad, na dinaluhan ng SPLIT project implementers sa buong bansa, ay ginanap sa Cebu City noong Pebrero 21-24, 2022.

Mga bagong hirang na kawani ng DAR C. Visayas nanumpa kay Cruz

Labing-pitong (17) bagong hirang na kawani ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Central Visayas region ang kamakailan ay nanumpa sa harap ni Secretary Bernie F. Cruz upang tulungan ang ahensiya sa pagpapaigting ng pagpapatupad sa Comprehensive Agrarian Reform Program.

Ani Cruz karamihan sa kanila ay maraming taon nang naghihintay sa pangarap nilang promosyon kaya naiiintindihan nila ang nararamdaman ng mga magsasakang naghihintay sa lupa at suporta mula sa pamahalaan.

"Alam ninyo kung paano ang maghintay sa bagay na walang kasiguruhan. Hinihingi ko sa inyo na ibigay ninyo ang lahat makakaya ninyo dahil ang tagumpay natin sa trabaho ay katuparan ng pangarap ng mga magsasaka," aniya.

Ibinahagi ni Cruz sa 12 Municipal Agrarian Reform Program Officers at limang division chiefs ang payo sa kanya ng kanyang mga magulang tungkol sa gawain: "Kailangang mahal ninyo ang ginagawa niyo, at wala ng iba pang dahilan upang epektibo ninyong magagawa ang trabaho ninyo."

Samantala, sinabi naman ni DAR Regional Director Romeo Reyes na ang mga kawani ay na-promote dahil mayroon silang potensyal na gumawa ng higit pa base sa kanilang kakayahan at hindi lamang dahil sa kanilang mga ginawa sa opisina.

"Naniniwala ako na gagawin ninyo ang mga trabaho kung hindi man, ay malalampasan pa ninyo ang inaasahan ng ahensiya sa inyo," aniya.

Ang aktibidad ay dinaluhan rin nina Assistant Secretary for Field Operations Office Joey Sumatra, Asst. Regional Director Arthur Dulcero, lahat ng Provincial Agrarian Reform Program Officers ng DAR VII, at mga piling kawani.

PEBRERO 26

MGA MAGSASAKANG NASALANTA NG BAGYONG ODETTE TINULUNGAN NG DAR

Nakatakdang magbigay ng P500,000 ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa mga magsasaka ng Poblacion Agrarian Reform Beneficiaries' Organization (PARBO) para matulungan ang organisasyon na makabangon sa mga pagkalugi na natamo dahil sa bagyong Odette.

Binisita ni DAR Secretary Bernie Cruz, kasama ang ilan sa kanyang mga opisyal ang 150 farmer-members ng PARBO sa Barangay San Isidro sa Poblacion at nakipagpulong sa kanila para malaman kung anong tulong ang kailangan nila.

Sa pagpupulong, nalaman ni Cruz mula sa mga opisyal at miyembro ng PARBO na hindi na sila kumikita matapos na ang mga palayan at ang mga puno ng niyog ay naitumba ng bagyo.

"Sa nakita namin noong inspeksyunin namin ang Siargao, mahigit 60 porsiyento ng mga puno ng niyog ang wala na ngayon at ang kanilang mga pananim na palay ay nasira rin. Sa ngayon, dalawang buwan pagkaraan ng bagyo, itong mga magsasaka ay halos walang kinikita," ani Cruz.

Sinabi ni Cruz na mula nang magkaroon ng bagyo, nabaon sa utang ang mga magsasaka. "Hindi lang sila nawalan ng mga pananim sa bagyo, nasira din ang kanilang mga bahay," aniya.

Sa pulong sa mga magsasaka, nangako si Cruz na magbibigay ng P500,000 bilang panimulang puhunan para sa kooperatiba.

Iminungkahi ng Kalihim sa mga opisyal ng PARBO na kalimutan na ang mga utang ng mga miyembro at iturin itong dibidendo para sa mga miyembro.

"Ayokong mabigatan ang mga magsasaka sa pagbabayad ng mga dati nilang utang samantalang sa kasalukuyan ay nahihirapan na silang mabuhay," ani Cruz.

Binisita din ni Cruz ang Garcia Agrarian-Beneficiaries Cooperative sa Barangay Garcia sa Sta. Monica.

Sinabi ni DAR Caraga Regional Director Leomides Villareal na nalugi din ang kooperatiba dahil sinira ng bagyo ang kanilang processing facility kung saan sila nagpoproseso ng luyang dilaw o turmeric para maging iba't ibang produkto.

"Hindi lang sinira ng bagyo ang kanilang mga pananim, giniba din nito ang kanilang opisina at pasilidad," ani Villareal.

Sinabi ni Villareal na hiniling nila sa kooperatiba na gumawa ng pagtatantya ng mga pinsalang ginawa sa opisina ng kooperatiba at pasilidad sa pagproseso ng pagkain para isumite sa tanggapan ng Kalihim.

"Nangako ang Kalihim na tutulungan sila para sa pagkukumpuni para agad itong magawa at makapagsimula silang muli ng kanilang negosyo," ani Villareal.

Sinabi ni Villareal na inutusan siya ng Kalihim na magbigay ng high-value crop vegetable seeds at fertilizers para makapagsimula muli ang mga magsasaka sa pagtatanim at muling kumita.

PEBRERO 27

DAR ipamamahagi ang pinagtatalunang lupa sa Agusan del Norte

Inihayag ni Department of Agrarian Reform (DAR) Secretary Bernie F. Cruz na ang pinagtatalunang 106.1756 ektaryang lupain ng JC Agri-Development Inc. properties na matatagpuan sa Dona Rosario, Tubay Agusan del Norte, ay ipamamahagi sa lalong madaling panahon at hinihintay lamang ang detalyadong kautusan mula sa Office of the President.

Sundan sa pahina 13

Mula sa pahina 12

DAR ipamamahagi ang pinagtatalunang lupa sa Agusan del Norte

"Siniseguro ko sa inyo na ang proseso ng acquisition at distribution nalalapit na. narito kami upang pag-usapan natin ang survey at validation sa lupain, gayundin ang pondong kakailanganin dito," ani Cruz sa ginanap na dayalogo sa Unyon sa Mag-uuma sa Agusan del Norte (UMAN) sa nasabing bayan kamakailan.

Idinagdag ni Cruz na kailangan na nilang umpisahan ang pagkilala sa mga kwalipikado at karapat-dapat na magsasakang-benepisyaryo ng lupa.

Ang 106.1756 ektaryang lupa, na bahagi ng 210.2195 ektaryang pag-aari ng JCADI, ay may aprubadong Land Use Conversion Application ng DAR Secretary's Order na may petsang June 23, 2010.

Noong Agosto 11, 2017, pinetisyon ng UMAN ang 106.1756 na may aprubadong conversion na maipamahagi sa mga miyembro/magsasaka. Iginawad ng DAR Central Office, noong Enero 2021 ang order na nagpapanatili sa rebokasyon ng Approved Conversion Order.

Noong Agosto ng taon ding iyon, umapela ng kanselasyon ng Conversion Order ang JCADI na kanilang iniakyat sa Office of the President.

Sa puntong ito, sinabi ng Kalihim na nakatanggap na sila ng balita na mayroon ng resolusyon na pumapabor sa mga magsasaka at hinihintay na lang ang detalyeng utos mula sa Office of the President.

Sa 210.2195 ektaryang ari-arian, ang bahaging 104.0439 ektarya ay tinutulan rin ng JCADI. Noong 2012, nagsampa sila ng protesta para ma-isyuhan ng Notice of Coverage ang kanilang lupain. Dinesisyunan ng DAR Regional Office noong 2013 ang pag-deny sa kanilang oposisyon.

Sinabi ni CARAGA Regional Director Leomides Villareal na ginagawa nila ang lahat upang maipagkaloob ang hustisya sa mga magsasaka.

"Masaya ako sa mga pangyayari ng kaso at sinusunod natin proseso sa pamamahagi ng lupa ng naaayon sa batas upang ang mga lupang ito ay lehitimong maging kanilang pag-aari," aniya.

PEBRERO 28

DAR IPAPARSELA ANG 3,150-EKTARYANG PALM PLANTATION SA 1,143 MAGSASAKA NG AGUSAN DEL SUR

Nakipagpulong kamakailan si Department of Agrarian Reform (DAR) Secretary Bernie F. Cruz sa National Guthrie Plantations Inc.-Multi-Purpose Cooperative (NGPI-MPC) upang iparsela ang na-validate na 3,150.07 ektaryang-palm plantation sa 1,143 member/agrarian reform beneficiaries (ARBs).

Noong December of 1988, ipinagkaloob ang isang collective certificate of land ownership award (CCLOA) sa ngalan ng NGPI-MPC. Taong 1990, pinalitan ang pangalan ng naturang ari-arian bilang Filipinas Palmoil Plantation Incorporated (FPPI), na nasa bayan ng Rosario at San Francisco, Agusan del Sur.

Ayon kay Cruz ang ahensiya ay nakipag pulong sa NGPI-MPC, kasama na rin ang Field Validation Team, upang pag-usapan ang kanilang mga isyu at mga alalahanin sa validation at proseso ng paghahati-hati sa lupain.

"Narito kami upang tingnan ang kanilang kalagayan at seguruhin sa kanila na anumang hamon sa pagpapatupad ng pagparsela ng plantasyon ay ating malalampasan," aniya.

Ang pagparsela sa lupain ay ipinatutupad sa ilalim ng SPLIT project o ang Support to Parcelization of Lands for Individual Titling. Sa pamamagitan ng proyektong ito ang mga lupaing ipinamahagi sa ilalim ng CCLOAs ay ipaparsela sa mga ARBs at iisyuhan sila ng indibidwal na titulo ng lupa.

Sinabi ng Secretary na sa tulong SPLIT project ay magpapalakas sa kanilang pagmamay-ari sa kanilang mga lupain at sa kanilang seguridad sa lupa.

"Hiling ko na kapag natanggap na ninyo ang mga indibidwal na titulo ng inyong lupa ay mananatili ang kooperasyon ninyo sa isa't isa at dodoblehin ninyo ang inyong pagsisikap upang mas maging produktibo ang mga lupain," aniya.

Ang na-validate na lupain ay ang: Alcular group, na may 2,305.91 ektarya; Abalayan group, 431.08 ektarya; at Sustino group, 413.08 ektarya.

Naniniwala si Caraga Regional Director Leomides Villareal na ang pag-iisyu ng indibidwal na titulo ay magaganap sa lalong madaling panahon.

"Karamihan sa kanila ay bukas at tanggap ang mga mungkahing plano at aksyon sa naganap na pagpupulong dahil lahat sila may iisang pangarap at iyon ay ang mailagay ang kanilang pangalan sa titulo ng lupa at umunlad ang kanilang mga pamumuhay," aniya.

Ang SPLIT project ay tugon sa direktiba ni Pangulong Rodrigo Duterte, sa ginanap na 36th Cabinet Meeting noong Abril 1, 2019 sa Malacañan Palace, upang hatiin ang mga kolektibong parsela ng mga lote, at inatasan ang DAR na magbuo ng task force at gumawa ng programa upang matiyak ang pamamahagi ng mga indibidwal na CLOA mula sa kolektibong titulo.